4

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 4**
**Kuwarter 4: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024- 2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**
- Shelani T. Nacilla (SDO- Valenzuela, Malinta Elementary School)
- Andilaine R. Tajanlangit (SDO- Valenzuela, Malinta National High School)

**Tagasuri**:
- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>**Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.**<br>liham pangkaibigan (pasasalamat)<br>**Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:**<br>● pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng mga may edad)<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag**<br>a. Pangatnig na Magkatimbang at Di-Magkatimbang |
| **C. Nilalaman** | Ikapitong Linggo<br><br>PAKSA:<br>Kuwentong Transaksiyonal na Teksto<br>Liham Pangkaibigan (pasasalamat) |

| | |
|---|---|
| | KAUGNAY NA PAKSA:<br>Wika: Pangatnig<br><br>Pangatnig na Magkatim-bang at Di-Magkatim-bang<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br><br>teksto, memes, logo, icons, barcode, QR Code, cartooning, atbp.<br><br>KAILANGANG KONSEPTO at KASANAYAN<br>Kaibahan ng ng Liham Pasasalamat sa iba pang Liham |
| **D. Integrasyon** | Kahalagahan ng Pasasalamat |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Department of Education, Philippines. (n.d.). Liham Pasasalamat [Letter of Thanks]. Retrieved from https://lrmds.deped.gov.ph/search?filter=&search_param=all&query=liham+pasasalamat<br>El Comblus. (n.d.). Ibat-ibang Uri ng Liham [Different Types of Letters]. Retrieved from https://www.elcomblus.com/ibat-ibang-uri-ng-liham/<br>Philnews. (2019, July 15). Uri ng Liham [Types of Letters]. Retrieved from https://philnews.ph/2019/07/15/uri-ng-liham/<br>Pinterest. (n.d.). Liham [Letter]. Retrieved from https://www.pinterest.ph/pin/587086501410085501/<br>Sanaysay.ph. (n.d.). Liham [Letter]. Retrieved from https://www.sanaysay.ph/liham/#google_vignette<br>Scribd. (n.d.). Pagpapakita Ng Paggalang [Showing Respect]. Retrieved from https://www.scribd.com/doc/239638857/Pagpapakita-Ng-Paggalang |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**BALIKAN NATIN:** Pagbasa ng isang maikling teksto at pagsagot sa mga tanong. Pagtukoy ng mga mag-aaral sa pandiwang kontemplatibo na makikita sa teksto<br>. | **Unang Araw**<br><br>Sa pagpapabasa ng maikling kuwento sa mga mag-aaral, tiyaking nagagamit ang angkop na diksiyon at wika.<br><br>Tiyakin din na kapag ipinakita o |

| | | |
|---|---|---|
| | **Muling Pagdalaw**<br>ni: Shelani T. Nacilla<br><br>Sa Sabado ay **uuwi** kaming muli sa aming probinsya ng aking pamilya kaya't **ihahanda** na naming lahat ang aming mga gamit. Tiyak na maaga kaming **aalis**, dahil **tutungo** kami kina lola at lola. Sigurado akong marami kaming **makikita**ng magagandang tanawin sa aming paglalakbay. Maligaya ang aking pamilya at **nasasabik** na ang lahat na makita rin ang iba pa naming kamag-anak malapit sa tirahan nina Lolo at Lola. Siguradong **ipagluluto** kami ni lola ng paborito naming biko at puto at **ipapasyal** naman kami sa plaza ni lolo. Tiyak na sama-sama na naman kaming **magsisimba**. **Nasasabik** na talaga akong makita sila at muli kaming magkasama-sama.<br><br>**Gabay na mga tanong:**<br>1. Saan pupunta ang pamilya?<br>2. Sino-sino ang dadalawin ng pamilya?<br>3. Ano-anong mga salitang kilos ang makikita sa teksto?<br>4. Sa anong aspekto ng pandiwa maihahanay ang mga salitang kilos sa teksto?<br>5. Bakit mahalaga ang pagdalaw natin sa ating mga kamag-anak o pamilyang malayo sa atin? Ipaliwanag.<br><br>**BahaGAINan:** Ibahagi ang sariling karanasan sa pag-uwi sa probinsya.<br><br>Ibahagi din sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat tulad na lamang ng pag-aasikaso sa kanila ng kanilang lola at lola sa pag-uwi nila sa probinsya. | ipinabasa sa kanila ang teksto ay hindi nakasalungguhit ang mga pandiwang kontemplatibo dahil ito ay tutukuyin ng mga mag-aaral mula sa teksto bilang bahagi ng kanilang balik-aral sa Aralin 6-Week 6.<br><br>Pagkatapos ng teksto ay ipasagot din sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong. Siguraduhing sa pagsagot ng tanong ay masagot nila ito sa buong pangungusap.<br><br>Mga salitang kilos na kontemplatibo sa teksto.<br><br>uuwi — nasasabik<br>ihahanda — ipagluluto<br>aalis — ipapasyal<br>tutungo — magsisimba<br>makikita<br><br>Sa pagbabalik-aral sa pandiwang kontemplatibo ay maaari ring sabihin na may iba pang aspekto ng pandiwa tulad ng perpektibo at imperpektibo. Magbigay ng ilang halimbawa.<br><br>Ipabahagi sa mga mag-aaral ang kanilang karanasan sa pagpunta o pag-uwi sa probinsya. Ipaliwanag din sa kanila na dapat ay laging maging mapagpasalamat. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Pagbabasa ng usapan ng magkapatid na sina Randy at Lorna mula sa kanilang karanasan sa pagdalaw sa kanilang Lolo at Lola. | Ipabasa sa mag-aaral ang usapan ng magkapatid na sina Randy at Lorna mula sa |




https://www.freepik.com/premium-vector/girl-boy-talking_34025719.htm

**Mga gabay na tanong**

1. Ano ang pinag-uusapan ng magkapatid?
2. Ano nais nilang ipadala sa kanilang lola at lolo?
3. Tama ba ang naiisip gawin ng magkapatid? Bakit?

**BahaGAINan:** Pagbabahagi ng sagot ng mga mag-aaral mula sa gabay na mga tanong ng guro.

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**Paghawan ng sagabal**

Pagbabasa ng mga salita na makikita sa pangungusap at pagtukoy sa kahulugan nito. Isulat ang sagot sa patlang.

Panuto: Tukuyin ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa pangugusap. Isulat ang nawawalang mga letra sa patlang upang mabuo ang tamang salita.

__ **a**__ __ __ **a**__ __ **am** **1.** **Masarap** na biko at puto ang inihanda ni lola sa amin.
__ **o** __ __ **a** **2.** Sina Randy at Lorna ay **labis** na nasiyahan sa pagbabakasyon sa probinsya.
**n** __ __ **i g**__ __ **a** __ __ __ **3.** Sobrang **nasiyahan** ang magkapatid sa **pag**-uwi sa probinsya.
__ **u** __ __ **o** **4.** **Nais** nina Randy at Lorna ang magpasalaat sa kanilang lolo at lola.
__ **a** __ __ __ **a** __ **5.** **Masuwerte** ang magkapatid sa kanilang lolo at loa.
__ **a**__ __ **g-** __ __ __ __ __ **6.** Sila ay **mapagmahal** at maalaga sa kanilang mga apo.

kanilang karanasan sa pagdalaw sa kanilang lolo at lola o maaari ring ipasadula ang pag-uusap ng magkapatid sa mga mag-aaral. *(Role Playing)*

Pagkatapos ng usapan ay ipabasa at ipasuri ang mga salitang may salungguhit sa pangungsap at ipatukoy ang kahulugan nito sa pamamagitan ng pagsulat ng nawawalang letra sa patlang upang mabuo ang salita. Ipasagot din sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong.


Iproseso ang sagot sa pamamagitan ng paggamit ng mga mag-aaral ng mga nahulaang salita sa pangungusap

**Mga Tamang Sagot:**


1. malinamnam
2. sobra
3. naligayahan
4. gusto
5. mapalad
6. mapag-aruga

| | | |
|---|---|---|
| | Paggamit ng nahulaang salita sa iba pang halimbawang pangungusap upang higit na maging malawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Impormatibo**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Pagbabasa ng liham pasasalamat na mula sa magkapatid na sina Randy at Lorna.<br>**Ang Liham Pasasalamat nina Randy at Lorna. Isinulat ni Shelani T. Nacilla**<br><br>*# 44 Raymundo St.*<br>*Malinta, Valenzuela City*<br>*Hunyo 15, 2024*<br><br>*Mahal naming lolo at lola,*<br><br>*Marami pong salamat lolo at lola sa pag-aasikaso po ninyo sa amin noong nakaraang bakasyon. Salamat po lolo sa pagdala po ninyo amin sa iba't – ibang pook pasyalan. Salamat din po lola sa pagluluto po ninyo sa amin ng masasarap na biko at puto, pati na rin po ang iba't iba pang masasarap na pagkain na inihanda po ninyo para sa amin. Labis po kaming nasiyahan sa pagbabakasyon po namin sa inyong lugar dahil nakasama po namin kayong muli, kaya't sa susunod na bakasyon ay nais po naming bumalik muli diyan. Masuwerte po kami dahil kayo ang aming naging lolo at lola na mapagmahal at maalaga. Lagi po kayong mag-iingat at mahal na mahal po namin kayo.*<br><br>*Lubos na nagpapasalamat,*<br>*Randy at Lorna,*<br><br>**KUWENTANUNGAN:**<br>Pagsagot sa tanong ng guro mula sa usapan/ liham na binasa.<br><br>**Mga gabay na tanong:**<br>1. Sino ang nagpadala ng sulat?<br>2. Para kanino ang sulat? | Sa pagpapabasa ng liham, tiyaking nagagamit ng mga mag-aarala ang angkop na diksiyon at wika.<br><br>Tiyaking nagagamit din ang wastong damdamin sa pagbabasa ng liham.<br><br>Pagkatapos basahin ang liham ay ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong mula sa liham na binasa. |

3. Ano ang aral sa sulat o liham na binasa?
4. Ano ang sulat o liham ang kanilang ginawa?
5. Kailan tayo nagpapasalamat?
6. Bakit mahalaga na matuto tayong magpasalamat?




**WIKAALAMAN:**
Pagtukoy sa kahulugan ng liham at mga bahagi nito. Tiyaking nauunawaan ang bahagi nito bago talakayin ang uri ng liham




**Tanong**: Ano ang liham?
Ang **<u>liham</u>** ay isang uri ng komunikasyon na isinusulat, at maaaring isalin sa papel o elektronikong format, tulad ng email. Ito ay may pangunahing layunin na

Bago talakayin ang iba't ibang uri ng liham ay talakayin muna ang liham at ang mga bahagi ng liham upang higit itong maunawaan ng mga mag-aaral.

Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral gamit ang *graphic organizer* tungkol sa liham at pagkatapos ay ibigay at talakayin ang kahulugan ng liham.


| | | |
|---|---|---|
| | maipahayag ang isang mensahe o kaisipan sa isang malinaw at organisadong paraan.<br><br>Ang liham ay maaaring personal o opisyal, at ito ay nagkakaiba depende sa layunin at konteksto ng pagsusulat.<br><br>**Tanong**: Ano- ano ang mga bahagi ng liham?<br><br>**MGA BAHAGI NG LIHAM**<br><br>1. **Pamuhatan** – binubuo ito ng tirahan ng sumulat o pinagmulan ng liham. Narito rin ang petsa kung kailan ginawa ang liham.<br>2. **Bating Panimula** – ito ang pagbati sa pinadadalhan ng liham. Ginagamitan din ito ng kuwit pagkatapos ng pangalan.<br>3. **Katawan ng Liham** – sa bahaging ito nakasaad ang mensahe o layunin n pagpapadala ng liham. Maaring mahaba o maikli ito, depende sa intensiyon ng nagpadala.<br>4. **Bating Pangwakas** – ito ang magalang na pagpapaalam ng sumulat sa pinadalhan ngham li. Makikita nito ang relasyon ng sumulat sa sinulatan. Ginagamitan din ito ng kuwit.<br>5. **Lagda** – nakasaad dito ang pangalan ng sumulat. Maaaring gamitin sa lagda ang palayaw kung ang sinulatan ay kaibigan, kakilala, o magulang, kapatid, o kamag-anak.<br><br>**Tanong**: Ano- ano ang mga uri ng liham? | Pagtalakay sa bahagi ng liham. Maaring tukuyin ng mag-aaral ang bahagi ng liham na inilalarawan ng guro. Talakayin din kung paano isinusulat ang liham ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng bawat bahagi ng liham.<br><br>Maaari ring suriin ng mag-aaral ang liham na halimbawa at ipatukoy sa knila kung ano ang nakikita nila sa bawat bahagi ng liham.<br><br>Maaari ring talakayin ang wastong pagkaksunod-sunod ng bawat bahagi ng liham at kung paano ito isinusulat ng watso gamit ang halimbawang liham ng pasasalamat. |
| | **Mga Uri ng Liham**<br>*Mula sa Patnubay sa Korespondensiya Opisyal (Ikaapat na Edisyon 2015*)<br><br>**Liham Pasasalamat**<br>Pagpapahayag ng pasasalamat sa mga naihandog na tulong, kasiya-siyang paglilingkod, pagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon, ideya at opinyon, at tinanggap na mga bagay.<br>**Liham Pangungumusta**<br>Pagpapahayag ng pangungumusta o pakikibalita sa taong malapit sa iyo upang alamin ang kaniyang kalagayan sa kasalukuyan. | Ipatukoy sa mag-aaral ang uri ng liham batay sa halimbawang ibinigay ng guro<br><br>Hal. Liham Pasasalamat |

| | | |
|---|---|---|
| | **Liham Pagbati**<br>Pinadadalhan ng liham pagbati ang sinumang nagkamit ng tagumpay, karangalan, o bagay na kasiya-siya. Ganito ring uri ng liham ang ipinadadala sa isang nakagawa ng anumang kapuri-puri o kahanga-hangang bagay sa tanggapan.<br>**Liham Paanyaya**<br>Taglay ng liham na ito ang paanyaya sa pagdalo sa isang pagdiriwang, maging tagapanayam, o gumanap ng mahalagang papel sa isang partikular na okasyon.<br>**Liham Tagubilin**<br>Nagrerekomenda o nagmumungkahi ang isang indibidwal o tanggapan kung may gawaing nararapat isangguni sa bawat nagpapakilos ng gawain upang magkatulungan ang mga kinauukulan sa katuparan ng nilalayon nito.<br>**Liham Pagsang-ayon**<br>Liham na sumasang-ayon at nagpapatibay sa isang kahilingan o panukala na makabubuti sa operasyon ng isang tanggapan. Maaaring samahan ng kondisyon ang pagsang-ayon kung kinakailangan.<br><br>**Liham Pagtanggi**<br>Nagpapahayag ito ng dahilan ng pagtanggi, di pagpapaunlak, di pagsang-ayon sa paanyaya, kahilingan, panukala, at iba pa hinggil sa pangangailangang opisyal<br><br>**Liham Pagsubaybay**<br>Ito ang liham na ipinadadala upang alamin ang kalagayan ng liham na naipadala na, subalit hindi nabibigyan ng tugon. Nagsisilbi itong paalaala upang bigyang-aksiyon ang naunang liham. Ang uri ng iiham na nararapat subaybayan ay ang liham kahilingan, paanyaya; at maging ang pag-aaplay o pamamasukan sa trabaho. Sa pagsulat, magalang na banggitin sa liham ang petsa at layunin ng naunang komunikasyon.<br><br>**Liham Pagbibitiw**<br>Liham na nagsasaad ng pagbibitiw ng isang kawaning nagpasiyang huminto o umalis sa pagtatrabaho bunga ng isang mabigat at mapanghahawakang kadahilanan.<br><br>**Liham Pakikiramay**<br>Liham ito na ipinadadala sa mga kaopisina, kaibigan, kakilala, kamag-anak na nakaranas ng sakuna o masamang kapalaran, tulad ng pagkakasakit, bagyo, lindol, baha, sunog, aksidente o anupamang sakuna ngunit buhay pa. Nilalaman ng liham ang lubos na pakikiramay sa sinapit na sakuna at ang tulong na nais ipaabot ng tanggapan sa biktima. Nararapat na maipadala agad ito sa kinauukulan matapos mabatid ang pangyayari. | Magtanong sa mag-aaral ng iba pang uri ng liham na alam nila o ginagawa nila noon<br><br>Pagtalakay sa uri ng liham sa tulong ng gabay ng guro o sa pagbibigay pa ng ilang mga halimbawa.<br><br>Ipatukoy din sa mag-aaral kung sa anong siutwasyon ginagamit ang sumudsuno:<br><br>Liham Pasasalamat<br><br>Liham Pagbati<br><br>Liham Paanyaya<br><br>Liham Tagubilin<br><br>Liham Pagsang-ayon<br><br>Liham Pagtanggi<br><br>Liham Pagsubaybay<br><br>Liham Pagbibitiw<br><br>Liham Pakikiramay |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**


**WIKAHUSAYAN**

**A. Tukuyin ang bahagi ng liham.**
**Panuto:** Isulat ang wastong bahagi ng liham sa loob ng kahon.




B. **SULAT TUKLAS**
**Panuto:** Isulat muli ang liham ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng bawat bahagi nito.

1. Rosario
2. # 14 Ibayo St. Karuhatan, Valenzuela City
3. Mahal kong Rita,
4. Batid ko ang kalungkutang nadarama mo. Ako ay taos-pusong nakikiramay sa iyong pamilya dahil sa paglisan ng iyong ama. Dasal ko sa Poong Maykapal na bigyan ka ng kalakasan at gabayan sa araw-araw. Palagi kitang ipagdadasal at ganoon na rin ang iyong pamilya.
5. Lubos na nakikiramay,



**C. HULAAN MO!**
**Panuto:** Isulat ang uri ng Liham na tinutukoy ng bawat pangungusap sa patlang.
_____________ 1. Liham na ipinapadala sa sinumang nagkamit ng tagumpay, karangalan, o bagay na kasiya-siya. Ganito ring uri ng liham ang ipinadadala sa isang nakagawa ng anumang kapuri-puri o kahanga-hangang bagay sa tanggapan.
_____________ 2. Taglay ng liham na ito ang pag-imbita sa pagdalo sa isang pagdiriwang, maging tagapanayam, o gumanap ng mahalagang papel sa isang partikular na okasyon.
_____________ 3. Liham ng isang kawaning nagpasiyang huminto o umalis sa pagtatrabaho bunga ng isang mabigat at mapanghahawakang kadahilanan.

Batay sa halimbawa, ipatukoy sa kanila ang angkop na bahagi ng liham sa pamamagitan ng pagsulat ng wastong sagot sa loob ng kahon.

Suhestiyon: Bilang karagdagang gawain ay maari rin ipaayos sa mga mag-aaral ang bawat bahagi ng liham ayon sa wastong pagkakasunod-sunod nito sa pamamagitan ng pagsulat muli. Ngunit tiyaking natalakay ang wastong pagkakasunod-sunod ng bawat bahagi ng liham at kung paano ito isinusulat.

**Mga sagot:**

1. Liham pagbati
2. Liham paanyaya
3. Liham pagbibitiw
4. Liham Pagtanggi
5. Liham pagsang-ayon

| | | |
|---|---|---|
| | ____________ 4. Liham sa di pagpapaunlak, di pagsang-ayon sa paanyaya, kahilingan, panukala, at iba pa hinggil sa pangangailangang opisyal at transaksiyonal.<br>____________ 5. Liham na sumasang-ayon at nagpapatibay sa isang kahilingan o panukala na makabubuti sa operasyon ng isang tanggapan.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Pangkatang Gawain:** Paglalaro ng **PINOY HENYO.**<br>Huhulaan ang mga bahagi at uri ng liham.<br><br>**Pangkatang Gawain:** Bawat pangkat ay magbibigay ng mga iba't ibang uri ng liham at ihuhulog ito sa loob ng kahon. Sa pamamagitan ng bawat kinatawan ng pangkat ay bubunot sila ng isang liham at babasahin ito sa klase. Ipatukoy sa mag-aaral ang uri ng liham na binasa at narinig.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na paksa 2: Paggamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:**<br><br>pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng mga may edad)<br><br>**Pagbabasa ng kuwento.**<br><br>**Maunawaing mga Anak**<br>ni: Shelani T. Nacilla<br><br>Tuwing Linggo ang natatanging araw ng Pamilya Cruz na kung saan ay sama- sama nilang ginagawa ang iba't ibang gawain. Ito kasi ang araw na kung saan ay walang pasok sa paaralan at opisina. Ito ang araw ng pagsisimba at pamamasyal ng pamilya. kaya't inutusan na ni Nanay Celine ang magkapatid na sina Randy at Lorna. "Randy, Lorna, ihanda na ninyo ang inyong mga damit na susuotin sa ating pamamasyal", utos ni Nanay Celine. "Maligo na kayo at magbihis", dagdag pa nito. Subalit sa di-inaasahang tawag ay kailangang pumunta ni Tatay Berting sa ospital dahil sa sinugod sa ospital ang kaniyang kapatid. Dali-daling nagpaalam si Tatay Berting sa pamilya, "Mga anak, pasensya na kayo subalit hindi muna matutuloy ang ating pamamasyal. Kinailangan kong pumunta sa ospital dahil dinala roon ang inyong Tiyo Ben dahil nahihirapan daw itong huminga", paliwanag ni Tatay Berting. | Ang pangkatang gawain ay mamarkahan ayon sa bilang ng puntos na may pinakamaraming nahulaan o nasabing tamang sagot.<br><br>Pagbabasa ng kuwento at pagsagot sa tanong ng guro. Tukuyin din sa kuwento ang wastong paraan ng pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng mga may edad)<br><br>Talakayin sa mag-aaral ang aral sa kuwento. Ang kahalagahan ng pagiging maunawain at matulungin. Ganoon na rin ang |

Saglit na lumayo ang mag-asawa at nag-usap. Pinag-usapan nila ang halagang kakailangin sa ospital. Bagama't may lungkot sa mukha ay naunawaan ng magkapatid ang situwasyon kaya lumapit sila sa kanilang mga magulang na nag-uusap. "Pasintabi po Itay, Inay, huwag po kayong mag-alala. Nauunawaan po namin ang situwasyon", wika ni Randy. "Ipagpaumanhin po ninyo kung makikisingit po kami sa inyong pag-uusap, okey lang po kami Itay, Inay, na hindi umalis ngayon, ang mahalaga ay maging ligtas si Tiyo Ben," wika ni Lorna. "Heto po ang naipong pera namin ni Ben, upang pandagdag sa gastusin sa ospital," dagdag pa nito. "Maraming salamat sa inyo at mapalad kami sa pagkakaroon ng mga anak na tulad ninyo," wika ni ni Tatay Berting. "O, paano, aaalis na ako," dagdag na wika ni Tatay Berting. Labis na natuwa ang mag-asawa dahil mapalad sila sa pagkakaroon ng mga mauunawain at matulunging mga anak.

**Mga tanong:**

1. Sino- sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Bakit hindi natuloy ang pamamasyal ng Pamilya Cruz?
3. Paano ipinakita nina Randy at Lorna ang pagmamalasakit sa kanilang Tiyo?
4. Tama ba ang ginawa ng magkapatid? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**Gawain:**

**Panuto:** Pagtapatin ang hanay A sa hanay B ayon sa sinabi ng mga tauhan sa kuwento. Isulat ang angkop na sagot sa patlang.

| **A** | **B.** |
|---|---|
| ______ 1. "Randy, Lorna, ihanda na ninyo ang inyong mga damit na susuotin sa ating pamamasyal." | A. Paghingi ng paumanhin |
| ______ 2. "Mga anak, pasensya na kayo subalit hindi muna matutuloy ang ating pamamasyal" | B. Pag-uutos |
| ______ 3. "Pasintabi po Itay, Inay, huwag po kayong mag-alala. Nauunawaan po naming ang sitwasyon" | C.Pagpapaalam |
| ______ 4. "Maraming salamat sa inyo at mapalad kami sa pagkakaroon ng mga anak na tulad ninyo." | D. Pagsali sa usapan ng matatanda ng may paggalang |
| ______ 5. "Oh, paano aaalis na ako." | E. Paghingi ng Pasasalamat. |

**Kaugnay na Paksa 3: Pangatnig (Magkatimbang at Di-Magkatimbang)**

kahalagahan ng pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya ng may paggalang.

Talakayin na sa pakikipag-usap sa matatanda ay mahalaga ang paggamit ng mga magagalang na salita. Kung kinakailangang makisali sa usapan ay huwag kalimutang gumamit ng salitang tulad ng:

"Maari po bang sumingit sa inyong usapan?"

"Pasensya po kung makiki-abala sandali, mayroon lamang po akong sasabihin…"

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

Pangatnig- ito ay mga kataga o lipon ng mga salitang nag-uugnay sa dalawang salita, parirala, o sugnay upang mabuo ang diwa o kaisipan ng isang pahayag.

**Pangatnig na Magkatimbang**

- pinagbubuklod ang kaisipang pinag-uugnay

Halimbawa: (o, ni, maging, at, ‘t, at kundi)
Bumili ako ng ubas at mansanas.
Maging ang lupaing iyan ay sa aming angkan.

- maaaring pasalungat. Sinasalungat ng ikalawang kaisipan ang ipinahahayag nang nauuna.


Halimbawa: (ngunit, subalit, datapwat, bagamat, at pero)
Matalino sana si Boboy ngunit tamad mag-aral.
Maliligo sana kami bukas sa ilog subalit hindi ako pinayagan ni tatay.

**Pangatnig na Di-Magkatimbang**

- nagpapakilala ng sanhi o dahilan

Halimbawa: (dahil sa, sapagkat, palibhasa, kung, kapag, pag, kaya, kung gayon, p sana)
Ubos-ubos biyaya si Arnel, palibhasa ay anak-mayaman.
Dadalo ako sa pagdiriwang bukas kung pupunta rin si Vina.
Mahirap ang buhay kaya nagsisikap siyang makapagtapos ng pag-aaral.

**UGNAY-SALITA:** Magbigay ng mga salitang may kaugnayan sa salitang RESPETO.




Sa pagtalakay ng paksang ito, malaya ang guro sa pagpili ng gustong pamamamaraan sa paglalahad. Seguruduhing magabayan nang mabuti ang mga mag-aaral sa talakayan.

**BIGKAS-TULA:** Pagbasa ng isang tekstong naratibong tulang pambatang pinamagatang Respeto sa Iba.

**Respeto sa Iba**

ni: Dr. Andilaine R. Tajanlangit

Ang mga Pilipino'y maraming katangiang taglay,
isa na nga rito ay ang pagiging magalang;
sapagkat walang pinipiling kasarian;
ang paggalang sa kapwa ay pantay-pantay.

Kaya't sa lahat ng pagkakataon,
maging sa anomang situwasyon;
paggamit ng po at opo'y palaging mayroon,
sa pakikipag-usap ay hindi nalilimutan iyon.

Sa pag-uutos at pagsali sa usapan,
sa paghingi ng paumanhin at pamamaalam;
kaya't lagi nating pakatatandaan,
ang angkop na mga salitang tanda ng paggalang.

Masasalamin din dito ang kahalagahan ng pasasalamat,
sa lahat ng biyayang ating natatanggap;
dahil sa ating pag-ibig na wagas;
tanda ng kabutihang taglay nating lahat.

**Gabay na mga tanong:**

1. Anong katangian ng mga Pilipino ang nabanggit sa tula?
2. Mula sa tula, paano ipinakikita ang pagiging magalang?
3. Ano ang masasalamin sa pagiging magalang?
4. Mahalaga bang magpasalamat sa mga biyayang ating natatanggap? Patunayan.
5. Anong mga angkop na salita ang dapat gamitin na nagpapakita ng paggalang?
6. Bilang isang mag-aaral, paano mo ipinakikita ang paggalang sa nakatatanda?
7. Bakit mahalagang gumamit ng angkop na salita sa anomang situwasyon?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**HANAY-PANGATNIG:** Ihanay ang mga pangatnig na ginamit sa tula kung ito ay Pangatnig na Magkatimbang o Pangatnig na Di-Magkatimbang

| Pangatnig na Magkatimbang | Pangatnig na Di-Magkatimbang |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

**B. PahiWHATig:** Tukuyin ang ipinahihiwatig ng sumusunod na mga larawan. Pagkatapos ay lagyan ng diyalogo ang bawat larawan gamit ang mga pangatnig na magkatimbang at di-magkatimbang.

a.  b.  c. 

**Gabay na tanong:**
Anong katangiang Pilipino ang masasalamin sa mga larawan?
Sa inyong palagay, angkop ba ang inyong mga salitang ginamit sa iba't ibang situwasyon? Patunayan

**Inaasahang sagot:**

Paggalang

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**


**Pangkatang Gawain:** Hatiin ang klase sa apat na pangkat
Bawat pangkat ay bubuo ng pagsasadula hinggil sa paggamit ng angkop na salita sa bawat situwasyon. Tiyaking nakagagamit ng pangatnig na magkatimbang at di-magkatimbang sa diyalogo.
Unang Pangkat: Magpapaalam sa magulang na mayroong gawain sa paaralan.
Ikalawang Pangkat: Paghingi ng paumanhin sa guro sa hindi pagpasok sa klase.
Ikatlong Pangkat: Pag-uutos sa nakababatang kapatid.
Ikaapat na Pangkat: Pagsali sa usapan nang nakatatanda.

(Tingnan ang sagutang papel para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito.)

**D. Paglalahat**

1. **Pabaong Pagkatuto**
   **A.** Sumulat ng isang liham pasasalamat sa iyong magulang at tiyaking kumpleto ang bahagi ng liham na gagawin. Tiyakin ding ito ay nakasulat ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng bawat bahagi.

Sa pagmamarka ng gawaing ito ay maaaring gumamit ng rubriks



**B.** Isulat ang **Tama** o kung wasto ang ipinahahayag ng pangungusap at kung mali ay palitan ang nagpamaling salita sa pangungusap.

_________ 1. Ang liham pasasalamat ay tumutukoy sa pagpapadala sa sinomang nagkamit ng tagumpay, karangalan, o bagay na kasiya-siya.

_________ 2. Taglay ng liham pakikiramay ang pag-imbita sa pagdalo sa isang pagdiriwang, maging tagapanayam, o gumanap ng mahalagang papel sa isang partikular na okasyon.

_________ 3. Ang Liham pagbibitiw ay tungkol sa isang kawaning nagpasiyang huminto o umalis sa pagtatrabaho bunga ng isang mabigat at mapanghahawakang kadahilanan.

_______ 4. Ang liham pagsubaybay ay tungkol sa pag-alam ng kalagayan ng liham na naipadala na, subalit hindi nabibigyan ng tugon.

_________ 5. Ang Liham paanyaya ay ang pag-imbita sa isang pagdiriwang, maging tagapanayam, o gumanap ng mahalagang papel sa isang partikular na okasyon.

**C.** **TALA-PANGATNIG:** Itala sa talahanayan ang mga pangatnig na magkatimbang at di-magkatimbang na natutuhan.

| **Pangatnig na Magkatimbang** | **Pangatnig na Di-Magkatimbang** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Basahing mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.

upang higit na makita ang kawastuhanng marka ng mag-aaraal.

(Tingnan ang sagutang papel para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito)


Ipaliwanag nang mabuti ang panuto sa mag-aaral.

**Mga Tamang Sagot:**

1. Mali – Liham pagbati
2. Mali – Liham paanyaya
3. Tama
4. Tama’
5. Tama

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Kung ikaw sina Lorna at Randy ay tutulong ka ba sa iyong tiyong nagkasakit? Sa Paanong paraan?<br>2. Bakit mahalagang matuto tayong magpasalamat sa kapwa?<br>3. Magsalaysay ng iyong karanasang nagpapakita ng pagiging mapagpasalamat. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**A. Panuto:** Isulat ang bahagi ng liham na tinutukoy ng bawat pangungusap.<br>__________ 1. Nakasaad dito ang pangalan ng sumulat. Maaaring gamitin sa lagda ang palayaw kung ang sinulatan ay kaibigan, kakilala, o magulang, kapatid, o kamag-anak.<br>__________ 2. Binubuo ito ng tirahan ng sumulat o pinagmulan ng liham. Narito rin ang petsa kung kailan ginawa ang liham.<br>__________ 3. Ito ang magalang na pagpapaalam ng sumulat sa pinadalhan ng liham. Makikita nito ang relasyon ng sumulat sa sinulatan. Ginagamitan din ito ng kuwit.<br>__________ 4. Ito ang pagbati sa pinadadalhan ng liham. Ginagamitan din ito ng kuwit pagkatapos ng pangalan.<br>__________ 5. Isa bahaging ito nakasaad ang mensahe o layunin n pagpapadala ng liham. Maaring mahaba o maikli ito, depende sa intensiyon ng nagpadala.<br><br>**B. Panuto:** Salungguhitan ang pangatnig na ginamit sa pangungusap at isulat sa patlang kung **Magkatimbang** o **Di- Magkatimbang.**<br><br>_______________1. Malimit tayong makagawa ng mga maling desisyon, subalit pinipilit naman natin itong maitama.<br>_______________2. Maraming pangarap si Boyet sa buhay kaya nag-aaral siyang mabuti.<br>_______________3. Parehong paborito ni Karen ang mangga at kahel.<br>_______________4. Ayon sa awitin ni KZ Tandingan, sino nga ba ang dapat piliin, mahal ko o mahal ako?<br>_______________5. Ipinanganak na mahirap si Angelo ngunit hindi ito naging hadlang upang magsikap sa buhay.<br><br>**C. Panuto:** Basahin ang bawat pahayag at isulat ang **Tama** kung wasto ang paraan ng pakikipag-usap sa matatanda at **Mali** naman kung hindi.<br><br>_______ 1. Mahalaga ang paggamit ng mga magagalang na pananalita sa | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. Lagda<br>2. Pamuhatan<br>3. Bating Pangwakas<br>4. Bating Panimula<br>5. Katawan ng Liham<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. Magkatimbang- subalit<br>2. Di-Magkatimbang-kaya<br>3. Magkatimbang- at<br>4. Magkatimbang- o<br>5. Di-magkatimbang-ngunit<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. Tama<br>2. Tama |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">pakikipag-usap sa matatanda tulad ng po at opo.<br>_______ 2. Kailangang magpasintabi muna kung nais makipag-usap o mayroong importanteng sasabihin sa dalawang matandang nag-uusap.<br>_______ 3. Kapag nakikipag-usap sa matatanda ay maaaring tawagin sila sa pangalan lamang nila.<br>_______ 4. Huwag kalimutan ang salitang “paki” o “maaari” kapag nais magbigay ng utos sa mas matanda sa iyo.<br>_______ 5. Mahalaga ang paghingi ng paumanhin sa kapwa, maging bata man o matanda kapag nakagagawa tayo ng pagkakamali.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>A. Sumulat ng liham pasasalamat sa isang taong natatangi o espesyal sa iyo.<br><br>B. Isulat ang liriko ng iyong paboritong awitin. Salungguhitan ang mga pangatnig na ginamit. Tukuyin kung ito ay pangatnig na magkatimbang at pangatnig na di-magkatimbang.<br><br>C. Paano mo maipakikita ang wastong pakikipag-usap sa matanda kung ikaw ay:<br>A. nag-uutos<br>B. humihingi ng paumanhin<br>C. sasali sa usapan ng nakatatanda dahil mayroon kang mahalagang sasabihin</td>
<td>3. Mali<br>4. Tama<br>5. Tama<br><br>Sa pagmamarka ng gawaing pantahanan ay gamitin ang RUBRIKS na makikita sa Pabaong Pagkatuto na bahagi ng lesson exemplar. Maari ring pumili ang guro kung ano ang gustong ibigay na gawaing pantahan sa mga mag-aaral batay sa mga inihandang gawain sa banghay na ito.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | **Estratehiya** | | | |
| | **Kagamitan** | | | |
| | **Pakikilahok ng mga Mag-aaral** | | | |
| | **At iba pa** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |